



PATNUBAY SA MISA



9 Hulyo 2017

Ika-14 na Linggo sa Karaniwang Panahon

Taon A

HALIKAYO!

Ang sarap marinig ngayong ikalawang Linggo ng Hulyo ang paanyaya ni Hesus, “Halikayo, mga napapagod at nabibigatan. . . .” Walang makapagsasabing di para sa kanya ang paanyaya. Dahil sugatan tayo sa hirap ng buhay, napahahalagahan natin ang paanyaya ni Hesus. Siya ang makapagpapagaling sa ating mga sugat at sakit, magpapagaan sa ating mga pasanin, at magpapalakas sa atin sa iba pang pagsubok sa buhay.

Ano mang oras ay handa si Hesus na gawin iyon para sa atin, ngunit lalo pang mabisa sa pamamagitan ng Eukaristiya. Sa pagdiriwang ng Sakramento ng kanyang pag-ibig, nadarama natin ang kanyang mapagpagaling na kapangyarihan at presensiya. Idulog natin sa kanya nang buong pananabik sa pagdiriwang natin ng Eukaristiya ang mga pangangailangan ng lahat ng taong mahal natin.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Sa iyong templo, Poong D'yos, aming isinasalob ang 'yong pag-ibig na lubos. Papuri ng sansinukob sa malasakit mong taos.

Pagbati

P– Ang biyaya at kapayapaan buhat sa Diyos Ama, Panginoong Hesukristo, at Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

B– At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P– Natitipon dito ng pagmamahal ng Diyos para ipagdiwang ang tagumpay ni Kristo laban sa kasalanan at kamatayan, tayo’y dumulog sa Banal na Espiritung ipaunawa sa atin ang sanhi ng ating pagiging di karapat-dapat sa Piging ng Eukaristiya. (*Manahimik saglit.*)

P– Sa pagtangi namin sa iyong mga utos, Panginoon, kaawaan mo kami!

B– Panginoon, kaawaan mo kami!

P– Sa pagpapabaya naming matuto sa iyo na maging maamo at mababang-loob, Kristo, kaawaan mo kami!

B– Kristo, kaawaan mo kami!

P– Sa kapabayaang naming maging mga tanda at kasangkapan ng iyong pagmamahal sa mga kapatid naming naghihirap, Panginoon, kaawaan mo kami!

B– Panginoon, kaawaan mo kami!

P– Kaawaan nawa tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B– Amen!

Papuri

B– Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbunyi ka namin, pinasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos

Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalangin Pambungad

P– Ama naming makapangyarihan, pakundangan sa pagpapakumbaba ng Anak mong masunurin ibinangon mo sa pagkadapa ang sangkatauhang masuwayin. Ipagkaloob mo sa amin ang banal na kagalakan upang kaming sinagip mo sa kaalipinan ay magkamit ng iyong ligayang walang katapusan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B– Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Zac 9:9-10

Ilang siglo pa bago dumating ang Mesiyas, inilarawan na siya ng propetang si Zacarias bilang isang “hari,” “makatarungang tagapagligtas,” “mapagpakumbaba,” at “tagapagsulong ng kapayapaan.” Ang ganitong larawan ay matutupad kay Hesukristo.

L—Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Zacarias

Ito ang sinasabi ng Panginoon: “Sion, magalak ka at magdiwang! Umawit ka nang malakas, O Jerusalem! Pagkat ang hari mo ay dumarating na, mapagwagi at mapagtagumpay. Mapagpakumbaba siya at nakasakay sa isang bisirong asno. Ipaalis niya ang mga karuwahe sa Efraim, gayon din ang mga kabayong pandigma ng Jerusalem.

Babaliin niya ang mga panudla ng mandirigma at paiiralin ang pagkakasundo ng lahat ng bansa. Ang hangganan ng kaharian niya’y dagat magkabila, mula sa Eufrates hanggang dulo ng daigdig.”

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 144

B—Diyos ko at aking Hari, pupurihin kitang lagi!

R. M. Velez



D'yos ko at a-king Ha-ri, pu-pu-



ri- hin kitang la- gi!

* Ang kadakilaan ng Diyos ko at Hari, aking ihahayag, di ko titigilan magpakailanman ang magpasalamat, aking pupurihi’t pasasalamat siya araw-araw, di ako titigil ng pasasalamat magpakailanman. **B.**

* Ang Panginoong D’yos ay puspos ng pag-ibig at lipos ng habag, banayad magalit, ang pag-ibig niya’y hindi kumukupas. Siya ay mabuti at kahit kanino’y hindi nagtatangi; sa kanyang nilikha, ang pagtingin niya ay mamamalagi. **B.**

* Magpupuring lahat sa iyo, O Poon, ang iyong nilalang; lahat mong nilikha ay pupurihin ka’t pasasalamat. Babanggitin nilang tunay na dakila ang ‘yong kaharian, at ibabalitang tunay kang dakila’t makapangyarihan. **B.**

* Di ka bibiguin sa mga pangako pagkat ang Diyos ay tapat, ang kanyang ginawa kahit ano ito ay mabuting lahat. Siya’y tumutulong sa lahat ng tao na may suliranin; yaong inaapi’y inaalal niya sa pagkagupiling. **B.**

Ikalawang Pagbasa Ro 8:9-11-13

Mula nang tayo’y binyagan, nananahan na ang Banal na Espiritu sa atin, na parang sa isang templo. Dapat tayong maging tapat sa kanya, na bukal ng ating buhay, sa halip na sa hilig ng laman. Ito ang mensahe ni San Pablo sa mga Kristiyano ng Roma at sa atin ngayon.

L—Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Roma

Mga kapatid: Hindi na kayo namumuhay ayon sa laman kundi ayon sa Espiritu, kung talagang nananahan sa inyo ang Espiritu ng Diyos. Kung ang Espiritu ni Kristo’y wala sa isang tao, hindi siya kay Kristo.

Kung nananahan sa inyo ang Espiritu ng Diyos na siyang muling bumuhay kay Hesukristo, ang Diyos ding iyan ang magbibigay ng buhay sa inyong mga katawang mamamatay, sa pamamagitan ng kanyang Espiritu ng nananahan sa inyo.

Mga kapatid, hindi na tayo alipin ng likas na hilig ng laman, kaya hindi na tayo dapat mamuhay ayon sa laman. Sapagkat mamamatay kayo kung namumuhay kayo sa laman ngunit kung pinapatay ninyo sa pamamagitan ng Espiritu Santo ang mga gawa ng laman, mabubuhay kayo.

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Aleluya Mt 11:25

B—Aleluya! Aleluya!

Papuri sa Diyos Ama pagka’t ipinahayag n’ya hari s’ya ng mga aba.

Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Mt 11:25-30

Sa pambihirang sulyap sa pagdarasal ni Hesus at sa kanyang masuyong pagtingin sa

kanyang mga disipulo, maririnig natin ngayon ang kanyang papuri sa Ama at ang kanyang tanging malasakit sa naghihirap sa buhay. Ang kanyang paanya- yang tayo’y lumapit sa kanya ang nakapupukaw sa ating pag-asa at pagpapasalamat.

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo

B—Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyo’y sinabi ni Hesus, “Pinasasalamat kita, Ama, Panginoon ng langit at lupa, sapagkat inilihim mo ang mga bagay na ito sa marurunong at matatalino at inihayag sa may kaloobang tulad ng sa bata. Oo, Ama, sapagkat gayon ang ikinalulugod mo.

Ibinigay sa akin ng aking Ama ang lahat ng bagay. Walang nakakikilala sa Anak kundi ang Ama, at walang nakakikilala sa Ama kundi ang Anak at yaong marapating pagpapahayagan ng Anak.

Lumapit kayo sa akin, kayong lahat na napapagal at nabibigatan sa inyong pasanin, at kayo’y pagpapahingahin ko. Pasanin ninyo ang aking pamatok, at mag-aral kayo sa akin; ako’y maamo at mababang-loob, at makasusumpung kayo ng kapahingahan para sa inyong kaluluwa. Sapagkat maginhawang dalhin ang aking pamatok, at magaan ang pasaning ibibigay ko sa inyo.”

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at

nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P –Natitipon bilang mag-anak ng Diyos, na may sari-sariling problema, dumulog tayo kay Hesus, na bukal ng ating pag-asa at kasiyahan, habang nananalangin tayong:

B –Mahabaging Hesus, dinggin ang aming panalangin!

* Na ang buong Simbahan ay maging bukal ng ginhawa at pampasigla sa lahat ng naghihirap, maysakit, o naabusos, manalangin tayo! **B.**

* Na ang Santo Papa, ating Obispo, mga pari, at lahat ng iba pang pinunong relihiyoso ay magtamo ng biyaya ng Diyos sa kabila ng mga kahirapan sa kanilang paglilingkod, manalangin tayo! **B.**

* Na ang ating mga pinunong pambayan at iba pang may katungkulan ay magsikap na itaguyod ang kapakanang panlahat at magdulot ng pagkain, tirahan, edukasyon, at katarungan sa lahat ng mamamayan, manalangin tayo! **B.**

* Na lahat ng may karamdaman ay makatagpo ng inaasam na habag at ginhawa sa kanilang mga doktor, narses, at mga kamag-anak, manalangin tayo! **B.**

* Na lahat tayong natitipon para sa Eukaristiya ngayon ay makalaspang ng ginhawa sa Panginoon, at maging kasangkapan tayo ng kanyang mahabaging pagmamahal sa mga nagdurusa, manalangin tayo! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahalilingan. (*Tumigil saglit.*)

Manalangin tayo! **B.**

P –Panginoong Hesus, Hari ng habag at kasiyahan, turuan mo kaming maging maamo at mapagkumbabang tulad mo. Tulutan mong tapat naming tupdin ang aming mga tungkulin upang ma-

lasap ang kagalakan ng iyong kalinga at tanggapin ang iyong walang hanggang gantimpala sa langit. Ikaw na nabubuhay at naghahari magpakailanman.

B –Amen!



P –Manalangin kayo . . .

B –Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P –Ama naming Lumikha, ang paghahain namin sa iyong ngalan ay siya nawang sa ami'y dumalisay upang ito ay maging pagganap araw-araw ng aming paglipat sa buhay sa kalangitan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B –Amen!

Prepasyo II

P –Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Lubhang nabagbag ang kanyang loob sa pagkakamali ng tao sa sansinukob, kaya't minabuti niyang siya'y ipanganak ng Birheng bukod mong pinagpala sa babaing lahat. Sa labi ng imbing kamatayan kami ay inagaw ng namatay mong Anak. Sa pagkabuhay niya, kami'y kanyang binuhay upang kaugnayan namin sa iyo'y huwag magwakas.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B –Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B –Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay,

Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.



B –Ama namin . . .

P –Hinihiling namin . . .

B –Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B –Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinaabang

P –Ito si Hesus, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B –Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinaabang

(*Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.*)

Lasapin ninyo at tikman ang sarap ng pagmamahal ng Panginoong Maykapal. Malaki ang kapalaran pag s'ya'y pinagtiwalaan.

Panalangin Pagkapakinabang

P –Ama naming mapagmahal, kaming iyong pinapakinabang ay loobin mong laging lumingon sa pinanggalingan ng tinanggap namin ngayon para pagsaluhan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B –Amen!



P –Sumainyo ang Panginoon!

B –At sumaiyo rin!

P –Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (*Manahimik saglit.*)

Iligtas nawa kayo ng Diyos sa lahat ng sama at isulong ang lahat ng inyong mabuting gawa.

B –Amen!

P—Kayo nawa’y gawin Niyang kasangkapan ng Kanyang pagmamahal at pagpapasigla sa lahat ng makakatagpo ninyo ngayon.

B—Amen!

P—Patnubayan Niya nawa kayo

sa landas ng katapatan, kahinahanun, at kapayapaan.

B—Amen!

P—Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B—Amen!

P—Humayo kayo upang mahalín at paglingkuran ang Panginoon!

B—Salamat sa Diyos!

MALAPIT NA . . .

Hulyo 11 – San Benito

PAGIGING MAAMO AT MABABANG-LOOB TULAD NI HESUS

May mga taong nagmamalaki sa lakas ng kanilang katawan, kagandahan, kayamanan, kapangyarihan . . . Di iilan ang gumagamit nito upang manghamak, manupil, at magsaman-tala.

Maliban sa iilan, gayon ang karaniwang pakitungo ng maraming “dakilang tao,” lalo na ng mga pinunong militar na ang mga pangala’y nakatala sa mga aklat ng kasaysayan. Ang kanilang mga tagumpay ay kapalit ng malaking paghihirap ng iba. Ang kanilang mga bantayog ay nakapatong sa mga bungo at kalansay . . .

Iba si Hesus. Tulad ng sa ibang larangan, nagpakilala siya ng isang bagong paraan ng pagkilala sa “kadakilaan.” **Pinasinayaan niya ang isang bago’t kakaibang istilo ng pagiging “dakila”** – isang istilong tinatampukan ng **kapayakan, kababaang-loob, masuyong kabaitan** . . . mga pangunahing katangiang nagtataguyod ng kapayapaang ikinapapanatag ng kanilang kapwa.

Ganito ang istilo ng Diyos. Natutuhan ito ni Kristo sa Ama at ngayo’y ipinahahayag sa kanyang mga disipulo sa salita at sa gawa. Itinampok niya ang kababaang-loob, pagiging maamo, at pagtataguyod ng kapayapaan sa lahat ng kanyang Ebanghelyo.

At **isinabuhay niya ang kanyang ipinangangaral**, tulad ng propesiya ni Zacarias nang sabihin niyang: “Ang hari mo ay dumarating na . . . mapagkumbaba . . . at pairalin ang pagkakasundo ng lahat ng bansa” (*Zac 9:9-10*). Sa katunayan, ang pagiging maamo at mababang-loob ay siyang mga katangian ni Hesus na sadyang iba sa kahinaan. Mapitagan siya sa iba nang di naman parang alipin; handang tumulong nang di naman nakalilimot sa marapat na pagpapahalaga.

Ang mga turo at gawi ni Hesus ay hindi mga kataliwasan, kundi nakalaang maging halimbawang dapat tularan ng lahat ng kumikilala sa

kanya bilang pinuno at inspirasyon. “Mag-aral kayo sa akin; ako’y maamo at mababang-loob.” (*Mt 11:29*)

Ang pagiging gayon ay nangangailangan ng mahabang pagsasanay, lalo na para sa mga taong mapagmataas at mabalasik. Kailangan dito ang **pagpapaubaya kay Hesus, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, na “supilin” ang ating kapusukan, ituon ang ating kasiglahan sa tamang direksiyon, at ipantulong, sa halip na ipanira, sa ating kapwa.**

Tunay na marapat ang bansag kay Mahatma Gandhi bilang “propetang laban sa karahasan.” Ang kanyang natamo dahil sa kanyang pagiging maamo at pagsisikap ay patunay ng bisa ng gayong mga katangian. Ang malimit makaligtaan ay ang katotohanang natuto si Gandhi kay Hesukristo, tulad ng sarili niya mismong patotoo.

Kung paanong nagkaroon ng matinding bisa ang turo at halimbawa ni Hesus sa isang Hindu (tulad ng nabanggit na dakilang kampeon ng kalayaan ng India), disin sana’y lalo pang naging malaki ang impluwensiya nito sa ating mga Kristiyano. Ito ang magpapatunay sa ating katapatan sa pagkilala’t pagtanggap kay Hesus bilang Guro at Huwaran natin.

Sa isang lipunan ng pagmamataas at karahasan, **ang ating kababaang-loob at pagiging maamo ay maghahayag ng tunay nating pagiging mga disipulo ni Hesus, na siyang pinakamasuyo sa lahat.**



Word & Life Publications



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, G. Ramos, V. David, J. Dy, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: R. Saldua